# Chapter One

"Hindi ito nakakatuwa, Mandy," sabi ni Winena Andesia. Nakasimangot siya habang nakaupo sa kanyang swivel chair sa loob ng opisina niya at kausap ang pinsan sa telepono isang hapon.

"Bakit naman? Wala kang bakasyon sa loob ng limang taon. Workaholic kang masyado, Nena," tugon nitong walang pagsisisi sa tono ng boses.

"Kaya naisip mong i-book ako ng tour nang hindi ko alam? Paano naman ang schedule ko, ano?"

"Nakaayos na ang lahat kaya wala ka nang problema tungkol doon. Isa pa, ako yata ang VP ng kompanya mo kaya wala ka nang ibang maaasahan kundi ako. Ano ngayon ang gusto mong palabasin?

Na hindi ako karapat-dapat at wala kang tiwala sa akin? Gan'on ba, ha?"

Napabuntong-hininga ang beinte-otso años na dalaga. "Hindi naman sa gan'on. Alam mong wala akong ibang taong pagkakatiwalaan ng buhay ko kundi ikaw lang. Wala nang ibang taong maghahangad ng kabutihan para sa akin kundi ikaw lang. Pero naman, Mandy—"

"Wala nang pero-pero," mabilis na agaw ng pinsan. "Basta't dapat kang umalis sa makalawa kaya dapat wala ka na sa opisina bukas para mag-shopping ka ng dapat mong dadalhin sa bakasyon mo. Dalawang linggo lang naman 'yun. Walang mangyayaring masama pagbalik mo. I promise."

Kahit paano ay napatawa siya nang mahina. "Bakit pa ako kailangang mag-shopping kung magbabakasyon naman ako? Doon na ako mag-sho-shopping."

"Ikaw ang bahala. Basta't gusto kong mag-enjoy ka. I'll see you tomorrow. Nagmamaneho na ako pauwi. Alam mo namang dapat on time akong makauwi dahil sa pamangkin mo."

"Fine." Napatingin pa siya sa tickets at ibang dokumentong nasa ibabaw ng kanyang mesa na bigay ng sekretarya niya kani-kanina lang. Iyon ang

itinerary sa bakasyon niya.

*Romania,* anang isipan niya. Sa lahat ng lugar ng Europe ay ito pa ang napili ng pinsan niyang pagbakasyunan niya. *Bakit hindi Paris o kaya'y London, Athens o Amsterdam?*

Muli ay napasimangot si Nena. Siguro naman ay ayos lang ito dahil si Mandy ang nagpa-book ng kanyang bakasyon. Presensya na lang niya ang kailangan. Wala man sa plano niya ang bakasyon ay wala na siyang magagawa ngayon dahil nakaayos na ang lahat, ayon pa sa kanyang pinsan. Ayaw naman niyang i-cancel dahil sa non-refundable ang lahat. Ayaw niyang masayang ang pera.

Hindi pa siya nakaranas na mag-travel nang mag-isa. Iyon ay dahil sa wala siyang sense of direction. Sana ay hindi siya maligaw kapag ganoon dahil may tour guide naman. Kapag si Mandy ang may gawa ay alam niyang plantsado ang lahat. Sana nga lang ay maka-manage siya nang mag-isa. Isa pa, oras na rin para makapag-unwind nga siya.

"Mama Nena!" sigaw ng pamangkin niyang lalaking si Skye na apat na taong gulang lamang. Kapapasok nito sa kuwarto niya kinabukasan ng hapon.

Napangiti ang dalaga at dumukwang upang

mayakap siya nito sa leeg at halikan sa pisngi.

"Hello, Skye, my lovey dove!" Hinalikan niya rin ito sa pisngi habang nakangiting nanonood ang pinsan niya sa kanilang magtiya. "Hmm… ang bango mo, ah!"

"Ikaw rin. Mabango," anitong nakangisi at sinamyo ang leeg niya. Napahagikgik tuloy siya dahil nakiliti siya. Kaya naman ay binalikan niya sa pamamagitan ng pagpupog ng halik sa pisngi at leeg nito. Napasigaw sa tuwa ang bata.

"Tama na nga 'yan," natatawang saway ni Mandy sa kanila. "Gusto kang makita ni Skye bago ka umalis. Maaga ang flight mo bukas." Napasulyap ito sa mga damit na nakalatag sa kama niya.

"Hmm… buti naman at nandito kayo. Mami-miss ko kayong masyado kapag wala ako dito," aniya na marahang pinakawalan ang pamangkin.

Nakapamaywang siyang napatingin sa pinsan habang ang bata ay tiningnan ang mga damit niya sa kama.

"May tinatawag namang *Skype* na p'wede mong gamitin kahit kailan. Summer ngayon kaya five-hour difference. Advance ang oras dito kaya kung tatawag ka ng umaga, ayos lang 'yon dahil hapon pa dito. Kahit gabi, tawagan mo 'ko. Kung mawawala ka, may

GPS naman. Magtanung-tanong ka kung kailangan. Dumikit ka sa guide kung kailangan para hindi ka mawala," nakangising saad ni Mandy.

"Para ka namang naghabilin ng bata."

"Alam kong wala kang sense of direction, Nena. Pero dapat mo kasing gawin 'to."

"Bakit hindi tayo magkasama kung gusto mo pala akong magbakasyon?"

"Ano ka ba? Hindi ko p'wedeng pabayaan ang kompanya kung wala ka rito. Kahit na tatakbo 'yun nang wala tayo, gusto ko pa ring magkaroon ka ng kasiyahan nang ikaw lang. Isa pa, kapag magkasama tayo, didikit sa 'yo si Skye at baka sa halip na ma-meet mo na si Mr. Right, ma-turn off na kaagad."

"Wow! Ito ba talaga ang ultimate reason kung bakit ako magbabakasyon nang mag-isa?" taas-kilay na turan ni Winena. "Para ma-meet ko na si Mr. Right? Excuse me, okay lang ako kahit wala si Mr. Right, ano! Nandito naman kayo ni Skye para sa 'kin."

Napaismid ang dalagang inang pinsan sa sinabi niya. Pero nanantya ang mga mata nitong nakatitig sa mukha niya.

"O, ano? Kung makatingin ka sa 'kin, para kang—"

"Ano? Isang dekada na halos ang nakaraan. Wala ka pa ring tinatawag na love life. Hindi mo pa rin ba nakakalimutan si Shawn?"

Biglang napatawa nang malakas si Winena. Napatingin tuloy sa kanya ang pamangkin at palipat-lipat ang tingin nito sa kanilang dalawa ng ina nito.

"Ano? Sinong Shawn?"

Napaikot ng mga mata ni Mandy. "Mukhang sad and bitter ka pa rin yata, eh."

"Hoy, excuse me!" Gamit ang isang hintuturo ay tinusuk-tusok niya ang isang balikat nito. "Matagal ko na siyang kinalimutan at ang pamilya niya."

Pero kahit paano ay nanumbalik sa isipan niya ang kanilang nakaraan. Saglit lang iyon. Agad niya itong iwinaglit sa isipan. Ayaw mang aminin ito ay napapaisip din siya sa ex niya paminsan-minsan. Siguro nga ay matagal na itong naka-move dahil wala na silang komunikasyon nang halos isang dekada. Gusto naman din niyang isiping nagawa niya rin ito. Pero kahit paano ay napapaisip siya kung ano ang mangyayari kapag magkaharap sila nitong muli. Ngingiti kaya siya o ano?

"At ikaw? Bakit wala ka pa ring love life? Simula nang mabuntis ka ni Richard, hindi ka na muling nakipag-date," pabulong niyang balik sa pinsan

para hindi marinig ng bata na ngayon ay palundag-lundag sa kama niya.

Napa-snort ito. "Wow! May rason ako dahil kay Skye. Eh, ikaw? Wala ka namang Skye." Binelatan pa siya nito.

Sinimangutan niya si Mandy at binigyan ng masamang tingin. "Eh, si Richard… di ba talaga inangking anak niya si Skye?" marahang tanong niya.

Napabuntong-hininga itong napasulyap sa anak, sabay kuros ng mga braso. "Alam mo naman ang puchang 'yon. Pabago-bago ang isip lalo na't lasing o kaya'y high. Mas mabuti na ang ganito. Ayokong makilala siya ni Skye bilang lasenggo at addict na ama. Dapat nga ayusin niya ang buhay niya bago ko siya ipakilalang ama ng anak ko… kung saka-sakali mang tumino na siya."

Nagkibit-balikat siya. "Tama nga naman 'yon. You're doing fine without him."

"And you're doing fine without Shawn. Siya pa nga ang dahilan kung bakit nagkaroon ka ng lahat ng ito, di ba? Gusto mong ipakita sa pamilya niyang kaya mo ring umangat sa buhay."

Mula sa maliit na kapital ay nagiging isang malaking textile and fashion company ang dating

dressmaking shop nilang magpinsan. Taga-tahi at taga-design silang dalawa kaya naman dahil sa kanilang kasipagan ay umangat din ang buhay nila pagkalipas ng siyam na taon. Iyon nga lang, kapwa hindi sila nakapagtapos ng pag-aaral. Pero gamit ang kaunting perang namana ni Mandy ay iyon ang ginamit ni Winena para makapag-loan sila sa bangko.

"Dahil na rin 'yon sa tulong mo. Salamat nga pala."

"Ilang beses ka bang magpapasalamat? Isa pa, iisang team tayong dalawa. Ikaw ang masyadong nagtatrabaho para sa 'tin kaya naman you deserve everything that you have now. At sa tingin ko ay oras na para makapag-enjoy ka naman. Dapat nga mas mahaba-haba pa, eh. Pero alam kong mas lalo kang magagalit kapag ginawa kong isang buwan o higit pa ang bakasyon mo."

"So, dalawang linggo lang." Tumango siyang napangiti sa kausap. Ngumisi itong tumango rin. "Pero bakit Romania at hindi ibang bansa sa Europe?"

"Mahilig ka sa vampire movies at books. So, bakit hindi Transylvania kung saan galing si *Count Dracula*?" pabirong turan nito.

Napapailing siyang natatawa rito. "Noon 'yon. Nakapag-move on na ako sa pagiging vampire fanatic ko."

"Basta. Ingat ka lang sa byahe mo. Teka, tutulungan na nga kitang mag-pack ng luggage mo." Inisa-isa pa nito ang mga damit niya. "Tiningnan ko ang one-week weather forecast. Mainit din doon. So, hindi ka maninibago sa klima."

Napangiti si Winena sa kasing-edad na pinsan at niyakap ito mula sa likuran. Napalingon ito sa kanya nang nakangiti.

"Ipa-roam mo na lang ang number mo, ha? Para naman makatawag ka sa 'kin kung kailangan. O kaya ay kung kailangan kitang makausap lalo na't madali mo kaming nami-miss ni Skye lovey dove mo."

Tumango siya at inihilig ang ulo sa balikat nito. Biglang uminit ang mga mata niya kahit ayaw niyang umiyak. Marahan namang umagos ang luha niya kahit paano. Alam niyang dapat hindi dahil bakasyon lang ang pag-alis niyang ito.

*I'm just being silly,* naisip pa niyang tinutuya ang sarili at mabilis na pinahid ang luha. Nagpatuloy sila sa pag-impake. Nakisali na rin sa kanila si Skye.

Lumapag na ang eroplano sa airport ng

Bucharest at doon ay sinalubong siya ng babaeng guide na si Giliana at nag-check-in sila sa hotel para makapagpahinga muna siya. Bukas pa ang umpisa ng kanilang tour. Galing ng iba't ibang bansa raw ang mga turistang kasama nila sa kanilang grupo. Hindi magiging problema para sa kanya ang makipag-communicate kahit wala siyang alam sa lengguwaheng Romanian dahil sa marunong mag-Ingles ang guide.

Pagkatapos ng beinte oras na byahe galing Manila ay nakapagpahinga na si Winena nang ilang oras matapos siyang dumating kaninang umaga, kaya ngayon ay naroon siya sa restaurant ng hotel para sa late lunch. Sinubukan niya ang goulash at ang sausage at napasulyap siya sa paligid habang kumakain.

Mukhang siya lang ang Asian dito. Kalimitang mga puti ang nakikita niya. Ang ilan ay mga taga-Amerika at ibang parte ng Europa dahil sa mga lengguwaheng naririnig niya. May mga pamilya o kaya ay matatandang mag-asawa at grupo ng mga magkakaibigan at siguro magnobyo ang naroroon.

*Huh! Mukhang ako lang ang may solo flight nito, ah,* naisip pa niyang pilit huwag mapangiti nang mapait. Nagpatuloy siya sa pagnguya ng pagkain

bago gumamit ng kutsara para humigop ng sabaw.

*Dapat huwag ka nang mag-isip ng kahit na ano. Isipin mo na lang ang sarili mo. Bahala na kung nag-iisa ka. Wala silang pakialam sa 'yo, Nena.*

Humigop pa siya ng sabaw nang may marinig siyang nag-uusap ng salitang alam na alam niya. Nag-angat siya ng kanyang paningin at sa katapat na mesa ay nakita niya ang isang grupo ng kalalakihan na may kasamang isang babaeng maganda at seksi.

"Bakit ba kasi ako sumama pa sa inyo? Wala namang kuwenta 'to. Nakita ko na ang *Bran Castle*," anang unang lalaking nakatalikod, katabi ng babae. Para kay Winena ay medyo may pamilyar na tunog sa boses nito. Pero binalewala niya iyon dahil baka guni-guni lang niya.

"Ang OA mo naman! Para 'yon lang ang nakita mo sa itinerary natin, ah," sagot ng babae.

"Heto. Ipapaalala ko sa 'yo kung bakit ka sumama sa 'min," sabi ng pangalawang lalaki. "Dahil sinabi sa 'yo ni Lalaine," anito, sabay tawa. Nakisabay na rin ang pangatlong lalaki na nakikinig lang sa usapan ng mga ito. Umupo ito sa tabi ng babae, sa kanang bahagi ng huli.

Nakita naman ni Winena ang pailing-iling na unang lalaking nasa kaliwang bahagi ng babae sa

round table. Nagpatuloy na lang siya sa pagkain at hindi na pinansin ang mga ito. Napalingon pa sa kanya ang dalawang lalaki maliban sa una.

Napuna niyang siniko ng pangalawang lalaki ang nauna. "May mangilan-ngilan din palang Asian na turista dito."

Kumuha ng napkin ang dalaga upang ipahid sa kanyang bibig at lumingon siya upang tawagin ang waitress na nagsisilbi sa kanya nang lumingon sa direksyon niya ang naunang lalaki. Sumulyap lang ito sa kanya at saka bumaling na sa katabi upang makipag-usap.

"Para ka namang naninibago sa mga Asian. Kahit saang lugar may mga nagagawing Asian talaga," sabi nito na narinig ni Winena. Natigilan siya dahil parang lalong luminaw ang boses ng lalaki sa pandinig niya.

Nakita niyang ngumiti ang waitress na nagsisilbi sa kanya. Binalewala na lang niya ang kapwa Pinoy na mga turista rin.

"Uh, I'd like to get my bill," nasabi niya sa waitress na blonde, maganda at nasa early twenties pa nito.

"Of course," sabi nito at tumalikod na. Napasunod siya ng tingin dito nang ilang segundo bago ibinalik ang pansin sa pagkain niya.

Nagpatuloy na siya sa pagkain ng sausage. Nagring bigla ang kanyang cell phone at napangiti nang makitang numero ng pinsan iyon.

"Hello," tugon niya. "Napatawag ka."

"Hindi ka tumawag pagkarating mo diyan," mahinang sumbat nito.

"Ah… sorry. Nakalimutan ko. Pagod kasi ako sa byahe, eh."

"Gusto kong makausap si Mama Nena, Mommy!" narinig niyang sabi ni Skye.

"O, siya, siya. Heto na."

Lumapad ang ngiti ng dalaga. "Hello, my lovey dove!" bati niya sa pamangkin. "Miss mo na ako?"

"Mama Nena! Miss na kita!" sabi pa ng bata.

"Miss na rin kita. Huwag kang mag-aalala. May pasalubong ako sa 'yo pag-uwi ko. Marami akong bibilhin para sa lovey dove ko siyempre!"

Pagkatapos ng usapan nila ay ibinigay na sa kanya ng waitress ang kanyang bill. Ibinigay niya ang bayad at nagpatuloy sa kanyang pagkain, at dahil nasarapan siya sa goulash ay humigop na naman siya. Saka napuna niya ang mga matang kanina pa pala nakatingin sa kanya. Napanganga siya habang tumutulo ang sabaw mula sa kanyang bibig.

# Chapter Two

Napangisi si Shawn dela Rosa habang nakatitig sa dalagang hindi niya agad nakilala dahil sa nakatabong napkin sa mukha nito nang lingunin niya kanina. Pero nang magsalita itong kausap ang waitress at ang sinumang lovey dove nito sa cell phone ay biglang nag-somersault ang puso niya. Hinding-hindi niya makakalimutan ang medyo malamyos na boses na iyon sa tanang buhay niya.

Napatiim-bagang na napalingong muli ang treinta-cuatro años na binata sa Asian na sinabi ng kaibigang si Paul. At hindi nga siya nagkamali. Kahit na halos isang dekada na ang nakakaraan ay nakikilala pa rin niya ang kanyang ex.

*Huh! Hindi ko inakalang makikita kita rito, Wine,* naisip niya habang nakatitig sa dalaga. Unti-unti siyang napangiti nang mapatingin din ito sa kanya at unti-unting tumutulo ang sabaw mula sa bibig nito. Lumapad pa ang ngisi niya nang dahil dito.

Nang maramdaman nito ang sabaw ay agad nitong kinuha ang table napkin para pahiran ang bibig, sabay bawi ng paningin. Siniko naman siya ni Paul at tinanong kung ano ang oorderin nila. Pero hindi niya ito pinansin. Nakatitig pa rin siya kay Winena. Sa tingin niya ay iniignora siya ng babae. Nagpatuloy ito sa pagkain bago uminom ng tubig at umalis nang pasimple.

Sinundan niya pa rin ito ng tingin hanggang sa makalabas na ito ng restaurant. Pinuna ni Paul ang pagkatitig niya sa dalaga. Marahan siyang napabuga ng hangin at napalingon sa kaibigan habang sina Lalaine at Cal ay napatitig na rin sa kanya nang may pagtatanong sa mga mata.

"Order-in mo na ang kahit na ano. Pupunta lang ako ng banyo," sabi niya, sabay tayo.

Napasunod sa kanya ng tingin ang tatlong kaibigan habang patungo siya sa rest room. Napatukod siya ng mga kamay sa lababo at napatingin sa kanyang repleksyon sa salamin.

Humihingal siya na parang galing sa pagtakbo.

Hindi talaga inasahan ni Shawn na makita ang ex niya rito. Sa lahat bang lugar naman sa mundo ay dito niya ito makikita sa Romania? Nang nasa Pilipinas lang siya noong isang taon ay ni hindi niya ito nakasalubong man lang. Ngayon ay nandito ito sa Romania?

"Get a grip, Shawn," sabi niya sa sarili habang nakatitig sa sariling repleksyon. Napahigit siya ng hangin at mabagal na pinakawalan iyon.

Naghugas siya ng mga kamay saka kumuha ng paper towel para tuyuin iyon, pagkuwa'y lumabas na siya ng rest room. Bumalik siya sa kanyang puwesto.

"Mukhang balisa ka, ah," puna ni Lalaine.

Napatawa siya nang mahina. "Huwag mo ngang i-apply sa 'kin ang pagiging psychologist mo," sabi niya sa babae.

Napangiwi at napangisi ito sa kanya. "Hindi ko kailangan ang degree ko para basahin ka, Shawn. What's eating you, by the way?"

"Ah, alam ko na! 'Yung Asian na chick," sabat ni Paul. "Kanina pa siya nakatitig, eh. Type niya yata."

Napataas ng kilay si Lalaine at napatitig sa kanya ang tahimik na si Cal. Magkaibigan na sila simula nang pareho silang naging intern noon sa

ospital hanggang sa naging residents sa America. Mahirap ang napagdaanan nila, pero nakayanan nilang pumasa kahit paano. Ngayon ay isa na siyang cardiologist samantalang naging anaesthesiologist si Cal at radiologist si Paul. Si Lalaine ay nag-private practice ng pagiging psychologist para mas libre daw itong makapag-aral ng human behavior anumang oras na gustuhin nito.

Napa-snort pa si Shawn sa sinabi ni Paul. Pero hindi siya nagsalita lalo na't parating na ang in-order ng mga ito.

"Kung gusto mong may makausap, sabihan mo lang ako," sabi ni Cal sa kanya, sabay tapik nito sa balikat niya habang pabalik na sila sa kani-kanilang suites. Magnobyo sina Cal at Lalaine kaya iisa ang suite ng mga ito at nag-share na lang sila ng room ni Paul na may dalawang kama.

Binigyan niya ito ng isang matipid na ngiti at naghiwa-hiwalay na sila. Mamaya ay gagala sila sa isang bar sa Bucharest. Magpapahinga muna sila dahil galing pa silang byahe mula New York. Mga labing-isang oras din iyon at galing pa siyang duty sa ospital. Nag-impake lang siya at dumerecho na sa airport kung saan naghihintay sa kanya ang tatlong kaibigan.

Nakahiga na si Paul sa kama, nakaunan ang ulo sa dalawang kamay nito. Napatingin ito sa kanya nang maisara na niya ang pinto ng silid nila.

"Kung iisipin ko namang mabuti, hindi mo type ang chick na 'yon," bungad nito.

Nakasimangot na napatingin siya sa kaibigan. "Huh!"

"Pero bakit titig na titig ka d'on kung hindi mo siya type? Nagagandahan ako sa kanya, alam mo ba? Pero mukhang may-asawa na, eh. Lovey dove pa ang tawagan nila." Saka napangisi itong napapikit ng mga mata.

Binigyan niya ito ng masamang tingin nang lingid dito. "Huwag mo na ngang banggitin ang babaeng 'yon."

Napadilat ng mga mata si Paul. "Bakit parang galit ka?"

Hindi na lang siya nagsalita at tinalikuran ito. Nag-unpack siya ng kanyang ipapalit na kasuotan. Hanggang sa makalawa lang sila rito sa hotel at tutulak sila patungong Transylvania para maglibot sa Brașov, Sighișoara at Alba Iulia. Pagkatapos ay pupunta silang Timișoara patungong Danube Delta at sa huli ay sa Black Sea.

Habang napapaisip siya nito ay napapaisip din

si Shawn kung ano ang ginagawa ni Winena rito sa Romania. Bakasyon lang din kaya ang pakay nito o may trabaho ito rito? Kung may asawa na ito sa Pilipinas, bakit ito nagtatrabaho rito? Dahil hindi pa rin siguro ito nakaahon sa kahirapan at nagtatrabaho ito bilang nanny o governess? May kasama kaya itong pamilyang pinagsisilbihan nito sa hotel na ito?

Napakiling siya ng ulo habang nagmumuni-muni. Hindi mukhang yaya ang babae. Sa katunayan nga ay maganda ang ayos nito. Mas elegante kahit simple pa ring manamit. Kakaiba ang awra nito kaysa sa dati. Pero maganda pa rin ang porma ng kilay nito, hindi masyadong katangusang ilong, mala-pusong makipot na bibig, nangungusap na mga mata pero mukhang may matigas na anyo at hanggang balikat ng buhok. Dati-rati ay halos umabot sa baywang nito ang buhok.

Napahinga siya nang malalim. Bigla niyang naalala ang huling pagkikita nila noong naghiwalay sila noon. Pero napailing-iling siya at mabilis na nagtungo sa banyo para makapag-shower. Gusto niyang lunurin ang alaalang iyon na tila kay linaw pa rin hanggang ngayon na parang kahapon lang iyon nangyari.

Napakuyom ang mga kamay niya at nakatukod

ang mga ito sa dingding habang nagtiim-bagang siya. Hindi siya makapaniwalang hanggang ngayon ay nasasaktan pa rin siya.

Uminom siya nang uminom habang nasa bar sila kinagabihan. Nagtataka naman ang mga kaibigan niya dahil sa inasta niya, pero nag-obserba lang ang mga ito. Nag-uusap ang mga ito tungkol sa love life niya na parang wala siya roon.

Bigla siyang napangisi sa mga kaibigan. Bigla kasi siyang nagkaroon ng ideya. *Bakit ba ako nagkaganito? Nakapag-move on na siya. Right. Dapat na mag-enjoy na lang ako sa bakasyong ito. Minsan lang ito at minsan ko lang siyang makita. Maybe… just maybe I can have some fun… with her habang nandito kami at malayo siya sa asawa niya. Besides, why not let bygones be bygones?*

Bigla niyang niyakap si Cal at hinalikan ito sa pisngi. Na-shock naman sa ginawa niya sina Lalaine at Paul. Lalo na si Cal na nandilat ang mga mata. Humalakhak pa siya at nagpatuloy sa pagtungga ng vodka na in-order.

Nakasandal si Shawn sa dingding habang nakapamulsa. Bumukas ang pinto ng silid ni Winena at agad siyang napangiti sa babae. Nakita niyang

natigilan ito nang makita siya roon. Napalinga-linga pa ito sa hallway, pero walang ibang tao roon kundi sila lang.

"Hi. Long time no see," bati pa niya rito.

Bumalik ang composure ng dating nobya at tiningnan siya nang walang emosyon sa mukha. "Hi." Nagpatuloy ito sa paglalakad.

"Saan ka pupunta?"

Sinulyapan siya nito. "Bakit mo gustong malaman? We were not keeping tabs on each other for almost a decade. Bakit bigla ka ngayong interesado kung saan ako pupunta?"

Kumibit-balikat siyang sinabayan pa rin ito sa paglalakad hanggang sa elevator. "I'm on vacation. Ikaw?"

Napatigil ito at pinindot ang button pababa. "You go on your own vacation at gan'on na rin ang gagawin ko. We're like… strangers. At tourists lang tayo rito. Okay?" Pumasok na ito sa elevator pero sumunod siya.

"Why should we treat each other like strangers? May pinagsamahan naman tayo noon, di ba?" makahulugang sabi niya.

Napamaang itong sandali, pero nag-iwas na ito ng paningin. Hindi siya nito kinibo. Inayos lang

nito ang nakasukbit na shoulder bag. Maganda ito sa ayos nitong sundress at flat sandals. Hanggang dibdib lang niya ang taas nito. At nasamyo niya rin ang pabango ng babae na napakahalimuyak.

*Yeah, definitely! Hindi siya nanny o governess rito. Mag-isa lang siya, to boot,* konklusyon niya. Pero nagtataka pa rin siya kung bakit hindi nito kasama ang asawa nito. Bigla siyang napatingin sa dalawang kamay nito upang tingnan kung may singsing ito. May nakita siya pero hindi naman wedding ring dahil nasa middle finger nakasuot iyon. Mukhang mamahalin. Siguro engagement ring?

*Engaged na kaya siya sa lovey dove niyang 'yon?* napasimangot na naitanong ni Shawn sa sarili.

Bigla siyang ngumisi nang sumulyap sa kanya si Winena. Lumabas ito ng elevator at sumunod pa rin siya rito. Mukhang may hinahanap ito sa parking lot ng hotel. Nagtaka siya nang nilapitan nito si Gilian na tour guide nila. Nakasuot ito ng sleeveless blouse at fashion shorts.

Sinabi na niya kanina sa mga kaibigan na hindi siya sasama sa tour dahil may iba siyang gagawin.

"You're assigned to seat number 23," narinig niyang sabi ni Gilian sa dalaga. Nagmuwestra na ito sa tour bus na sasakyan. Napabaling sa kanya

ang blonde tour guide na may abuhing mga mata.

"How about me?" tanong na lang niya rito nang nakangiti nang matamis habang ipinaalala ang pangalan niya. Sumulyap pa siya kay Winena na sumakay na sa bus. At napuna niyang napanganga na rin ang mga kasamahan niyang nasa loob na ng bus at nakatingin sa kanya.

"Seat number 30," anito pagkatapos tingnan ang listahan.

Napakamot siya sa ulo. Malayo iyon sa upuan ni Winena. Napansin niyang lahat naka-check na sa listahan nito ang kanyang pangalan. Sumunod ang guide na sumakay ng bus nang lumulan na rin siya.

Nakita ni Shawn ang ilang matatandang mag-asawa na nakaupo sa kabilang alley ng upuan niya. Katabi niya dapat si Paul sa seat number 29. Samantalang nasa seat numbers 31 at 32 sina Cal at Lalaine.

"O, akala namin may iba kang lakad," sumbat ni Paul.

"Nagbago na ang isip mo?" tanong ni Lalaine.

Nang hindi sinagot ang mga ito ay napatingin siya sa kinauupuan ni Winena. Nakaupo ito malapit sa bintana. Mag-isa lang ito at mukhang walang katabi.

"Please take your seat so I can do the headcount," ani Giliana sa kanya na tinapik siya sa balikat.

Napabuga siya ng hangin at umupo sa tabi ni Paul. Napalingon pa siya sa ibang kasamahan nila. Siguro ay nasa lampas treinta katao ang lahat sa grupo nila. May magkapamilya, mag-asawa o magnobyo at grupo ng magkakaibigan. At siguro may nagsosolo na rin katulad ni Winena.

Umusad na ang bus at tumayo siya upang tumabi kay Winena. Nagulat pa ito sa ginawa niya. Pero agad itong nagbawi ng tingin at inignora siya na para bang dumaan lang siya.

"Sa pagkakaalam ko ay dalawang linggo ang tour na 'to. Meaning, magkakasama tayo nang dalawang linggo. Magkikita tayo araw-araw at gabi-gabi."

Hindi pa rin ito kumibo at hindi rin siya nilingon. Nagsasalita na ang kanilang tour guide para magbigay ng impormasyon ukol sa unang pupuntahan nilang tourist destination, ang *Jewish History Museum*. Gamit ang microphone ay sinabi nito ang founder, kung kailan ito itinayo at kung anu-ano ang maaaring makikita nila sa loob niyon.

# Chapter Three

"Pinopormahan mo ba 'yung chick na 'yon?" bulong pa ni Paul kay Shawn bago pa man siya makalulan sa bus.

"Hindi," aniyang sinimangutan ito.

Ikiniling nito ang ulo. "Kanina ka pa sunod nang sunod sa kanya, hindi ka naman pinapansin. Kung makaasta ka, para bang close kayo. Eh, dinededma ka lang niya."

Hinawakan siya ni Lalaine sa braso. "Magsabi ka nga ng totoo, Shawn. Bakit ka nagkakaganito?"

Napuna niyang napasulyap sa kanila si Winena bago ito lumulan ng bus gamit ang pintuan malapit sa bus driver samantalang sila ay nasa likuran. Kinuha niya ang kamay ni Lalaine mula sa braso

niya at napatingin sa mga kaibigan.

"Mamaya ko na ipapaliwanag sa inyo," tanging nasabi niya at pumasok na sa loob ng bus para tabihan si Winena.

Bago pa makaupo si Shawn ay nakita niyang ngumiti ito sa isang lalaking blue-eyed teenager na may kasamang may-edad na babae. Guwapo ang binatilyong nginitian ni Winena na may suot na baseball cap, t-shirt at city shorts. Pero napalis ang ngiti ng babae nang tumabi siya rito at saka tumingin na ito sa labas ng bintana.

"Para na lang ba sa estranghero ang ngiti mo?" aniya sa katabi nang halos pabulong. Inilapit pa niya ang mukha rito.

Pasimple siya nitong siniko kaya lumayo siya nang bahagya. Napangisi siya sa sarili. Nang mga sandaling iyon ay tumatakbo na ang bus patungo sa isang pinakamalapit na restaurant kung saan sila kakain ng late lunch.

Hinawakan niya sa kamay si Winena bago pa man ito makalayo sa kanya. Hinigpitan niya iyon nang pilit nitong binawi ang kamay.

"Ipakikilala lang kita sa mga kaibigan ko—"

"Wala akong pakialam sa kanila at sa nobya mo."

Natigilan siya sandali. "Huh! Nobya 'ika mo?"

Hindi ito makakibo at napaiwas lang ito ng tingin, pero hawak niya pa rin ang kamay nito. Kumaway siya sa mga kaibigan na lumapit naman sa kanila.

"Ito si Paul, si Cal at ang girlfriend niyang si Lalaine. Guys, this is Winena. My ex-girlfriend."

Nakita niyang napamaang ang mga kaibigan niya. Samantalang tila napahiyang napatingin si Winena sa tatlo. Nagbigay lang ito ng isang matipid na ngiti sa mga ito.

"Whoa! Hindi ko inakalang—" Hindi naituloy ni Paul ang nais sabihin nang pinandilatan niya ito. Napatingin ito sa kamay niyang nakahawak pa rin kay Winena.

"Siya 'yung ex mo noong college ka pa?" tanong ni Lalaine nang mahina pero narinig iyon ng dalaga.

Napalunok tuloy siya. Pinilit ni Winena na bawiin ang kamay mula sa pagkakahawak niya kaya dahan-dahan niya itong binitawan.

"M-mauna na ako sa inyo. O-order pa kasi, eh," marahang sabi nito sa mga kaibigan niya at iniwan na sila para pumasok sa loob ng kainan.

"Mukhang hindi iyon ang ex ni Shawn noong college pa siya," nasabi ni Cal.

Nag-iwas ng paningin ang binata. "Noong nasa

medical school na ako nang naging girlfriend ko siya." Pumasok na sila sa restaurant at nagpatuloy lang siya sa pagkuwento. "Nasa college na rin siya noon. But… it didn't work out as you know now."

"Bakit? Mukhang disente naman siya at mabait," puna ni Lalaine na nakatingin pa rin kay Winena.

Napatawa nang mahina si Shawn, pero hindi siya nagsalita. Nag-order na si Cal para sa kanila habang napamasid siya kay Winena na sumali sa mesa ng tour guide at ng driver nilang may-edad. Puno na rin kasi ng mga tao ang restaurant kaya siguro wala nang choice ang babae.

"So, bakit buntot ka nang buntot sa kanya ngayon?" tanong ni Paul.

"Hindi ko ba p'wedeng maging kaibigan ang ex ko, ha?" pakli niya sa kaibigan.

"Wow! Manhid ka ba o ano?" ani Lalaine.

Nagkasalubong ang mga kilay niyang tiningnan ito. Tumaas naman ang isang kilay nito.

"Panay pangdededma ang ginagawa niya sa 'yo. Di mo ba na-gets? Ayaw ka niyang kausapin o makasama. Hindi ba mas mabuti na lang kung bibigyan mo siya ng space o hahayaan mo na lang siya at nang hindi pa magiging mas awkward sa kanya? Alam mo bang napansin na ng ibang mga

kasamahan natin ang ginagawa mo?"

Napatingin siya sa paligid nila. "So what? Wala silang pakialam. Isa pa, wala akong pakialam sa sasabihin ng ibang tao."

"Ah, kaya pala dinedma mo lang kami," turan ni Paul.

"Maybe you need another approach," sabi ni Cal nang tahimik.

Napatingin silang tatlo rito. Siniko ito ng nobya.

"Mukhang ayaw nga ng ex niya sa kanya, eh. Kung ako kaya ang nasa sapatos ng ex niya, ano'ng gagawin mo? Gagawin mo rin ba ang ginagawa ni Shawn?" ani Lalaine kay Cal.

"Hindi."

"Kitams!"

"Dahil bibigyan kita ng space bago ako makipag-usap sa 'yo."

"Eh, late na ang approach na 'yan. Dikit nang dikit itong isang 'to sa ex niyang dedma lang, eh," anang babae sa nobyo nito.

"Hello? I'm here," paalala niya sa mga ito.

Napatawa si Paul habang napabaling nang sabay sa kanya ang magkatipan.

"I think she's flustered dahil bigla ka niyang nakita rito," sabi ni Lalaine sa kanya.

"I agree," ani Cal.

"Bakit ako? Hindi rin ba?" aniya, sabay turo sa sarili. "Hindi ko inakalang makikita ko siya rito. But at least, I'm able to approach her like a friend."

Napataas ng kilay si Lalaine sa kanyang sinabi. "Are you seriously thinking it that way?"

"Wow! Wala ka bang basic psychology, Shawn?" kutya ni Paul.

"Kahit hindi na kasali ang subject na 'yan, dapat ang sabihin mo ay kung may sense ba itong kaibigan natin," mahinahong saad ni Cal kay Paul.

Hindi makapaniwala si Shawn sa pagiging blunt ng mga kaibigan niya. Pinagtutulungan pa siya ng mga ito. Mukhang pumapanig ang mga ito kay Winena at di niya alam kung bakit.

Nasa *Palace of Parliament* sila habang napapaisip si Winena kung bakit lumapit sa kanya ang lalaki. Ang akala niya ay nobya nito ang babaeng kagrupo nito. Hindi pala. Pero ganoon pa man ay hindi niya alam ang dahilan ng pagiging friendly ni Shawn sa kanya nang tila walang nangyaring relasyon sa pagitan nila kundi ay magkaibigan lang silang ngayon lamang ulit nagkikita kung umasta.

Simula nang makita niya itong muli sa restaurant

sa hotel ay nagkaroon ng kalituhan ang puso at isip niya. Nandoon ang pangungulilang naramdaman niya sa loob ng halos isang dekada at naroroon din ang damdaming inilibing na sana niya sa nakaraan na tila biglang lumilitaw.

Ang akala niya ay nakalimutan na niya ang dating kasintahan. Siguro nga ay hindi talaga. Pero ayaw niyang aminin ito. Iba na ang buhay nito at iba na rin ang sa kanya. Hindi na puwedeng dugtungan ang kanilang nakaraan. Hindi na puwedeng maging sila.

Bigla siyang napapreno sa pag-iisip. *Teka, bakit ko ba iniisip na gusto niyang makipagbalikan sa 'kin kaya niya ako kinausap at kaya sunod siya nang sunod sa 'kin?* saway niya sa isipan. *Ang assuming mo naman, Nena.*

Pero hindi niya maipagkaila sa sariling mas lalong gumuwapo si Shawn sa paningin niya. Halos isang dekada na ang nakalipas at nagagawa pa rin nitong mapatibok nang napakabilis ang puso niya na walang ibang nakakagawa kundi ito lang. Hindi dapat. Wala na sila, matagal na.

Pero hindi niya talaga mapigilan ang sarili at iyon ang nararamdaman niya. At dapat niyang isiksik sa kanyang kukote na walang second chances

o kaya ay continuation para sa kanilang dalawa. Hinding-hindi mangyayari iyon.

Pero ano ang masama kung magiging friendly sa kanya ang lalaki? Siguro naman ay wala talaga itong masamang intensyon. Isa pa, kung naka-move on na nga ito at kahit siya ay hindi pa, hindi na rin masamang magiging magkaibigan sila kahit paano.

*Aish! Tsk! Bakit ko ba kasi siya nakatagpo pa rito sa Romania?* inis na sabi niya sa isipan. Wala sa sariling napasipa siyang inisip na ginawa iyon kay Shawn. Noon niya namalayang may tao pala sa harapan niya. Napamaang siya habang napaimpit sa sakit ang isang binatang Amerikanong nasipa niya sa shin. Hinaplos-haplos pa nito iyon dahil sa sakit.

"I... I'm so sorry! I'm really sorry!" Mabilis na siyang tumalilis at hinanap ang mga kasamahan. Napakalaki pa naman ng palasyong ito na pumangalawa sa pinakamalaking gusali sa buong mundo, ang *Pentagon* sa USA.

Dahil sa dami ng tao ay hindi niya makita ang mga ito. Bigla siyang nataranta. Hindi pa naman niya alam kung saang direksyon ang exit. Pumanhik na lang siya gamit ang elevator at nagtungo sa itaas. Doon ay temporaryo niyang nakalimutan ang lahat. Napahanga siya sa panoramic view ng Bucharest

mula roon. Kinuha niya ang cell phone at kumuha ng ilang pictures. Nag-selfie na rin siya.

Ilang minuto pa ang nakalipas ay nakatagpo niya ang isa sa mga pamilyang kasama niya sa tour bus. Ito na lang ang sinusundan niya. Kung nawawala man siya ay hindi siya nag-iisa. Nag-explore pa ang magkapamilya sa ibabang bahagi at nagprisinta pa siyang kunan ng larawan ang mga ito. Nagpasalamat ang grupo sa kanya.

"Kanina pa kita hinahanap, ah," sabi ng boses sa likuran niya.

Paglingon ni Nena ay nakita niya ang kanyang ex na may pag-aalala sa mga mata nito nang nakatingin sa kanya. Nagkabanggaan ang kanilang mga paningin at matagal ding magkahinang ang mga mata nila.

Parang biglang humina ang lahat ng ingay sa paligid at tila lumabo ang lahat. Ang tumingkad lang sa pagkakataong ito ay ang nakapamaywang na si Shawn na nakatitig sa kanya. Nakasuot ito ng jeans at t-shirt na bumakat sa makisig nitong katawan. Halos kahapon lang ay nakita niya itong hubad sa harapan niya. Pero halos isang dekada na pala ang nakalipas at lalo pa itong nagiging makisig sa edad nito ngayon. At napalunok siya nang pilit.

“B-bakit mo ’ko hinahanap?” halos pabulong niyang tanong.

“Ang laki kaya ng building na ’to,” sagot nito.

“P’wede naman akong magtanong-tanong.”

Nagbawi ito ng paningin. “Ah, oo nga pala. Pero… baka kasi maiwan ka ng bus. Alam ko namang wala kang sense of direction. Kahit nagbago ka na, ang pagkawala ng sense of direction ng isang tao ay naka-embed na ’yon. Inborn kang gan’on kaya hinding-hindi ka na magbabago.”

Inikot pa niya ang mga mata. “I’m not an idiot! P’wede ngang magtanong-tanong, eh. Ano naman ngayon kung maiwan ako ng tour bus? P’wede akong mag-taxi pabalik sa hotel! Pakialam mo ba?” Saka tinalikuran niya ito. Halos padabog siyang naglakad palayo rito.

Napakuyom pa siya ng mga palad. *Bakit ba kasi naaalala pa niya ang kahinaan ko?* Na-touch siya roon pero lalo lang nitong nililito at ginugulo ang damdamin niya.

Naalala tuloy ni Winena ang paghawak ng binata ng kamay niya at ang pagpakilala nito sa kanya sa mga kaibigan nito kanina. Hindi niya inasahan iyon. At para sa kanya ay wala naman sanang punto iyon. Pero bakit iyon ginawa ng lalaki? Nainis na naman

siya rito. Para kasing nararamdaman pa rin niya ang kamay nitong nakahawak sa kanya hanggang ngayon.

Nagtungo na sila sa *National Museum of Art of Romania* pagkatapos niyon. Dahil na rin kay Shawn ay hindi siya nawala. Pero hindi pa rin niya ito pinapansin nang tumabi ulit ito sa kanya habang binigyan ito ng tingin ng tour guide nila. Napangiti na lang ito sa kanya at tinugon niya iyon.

Agad namang napatingin ang lalaki sa direksyong nginitian niya at nakita ulit ang teenager na kauupo lang mula sa paglalagay ng bag nito sa overhead compartment para sa mga luggage.

Nakasimangot ang mukha ng katabi niya nang sulyapan niya nang panakaw. *Matangos talaga ang ilong ng lalaking 'to. Guwapo pa rin kahit naka-sideview.* Gusto niyang mainis ulit sa sarili dahil napapahanga siya rito.

# Chapter Four

"Alam mo bang third wheel na ang dating ko kina Cal at Lalaine? Ikaw ang may kasalanan nito, eh," reklamo ni Paul nang nasa loob na sila ng kanilang silid sa gabing iyon. Pabagsak itong umupo sa kama nito.

Sinulyapan niya ito pero hindi nagsalita. Magche-check out na sila bukas ng umaga at dadaan sila sa ibang destinasyon sa Bucharest katulad ng *Choral Temple* at *Village Museum* bago sila tutulak papuntang Transylvania. Tutuloy sila sa Brașov at gagala sa paligid katulad ng *Bran Castle*, *Black Church*, *First Romanian School*, *Brașov Council Square* at maraming iba pa.

"May nararamdaman ka pa para sa ex mo, 'no?"

biglang saad ng kaibigan niya.

Napatigil si Shawn sa ginagawang paghahanap sa luggage niya ng maisusuot na pampalit pagka-shower. Kumuha ng maiinom ang kausap niya mula sa maliit na refrigerator at initsa nito ang isang canned beer na nasalo naman niya.

"Judging by your being loveless at the moment, alam ko na ang sagot," patuloy nito habang binuksan ang beer at tumungga. Iyon din ang ginawa niya. "Hindi mo pa rin sinasabi kung bakit kayo naghiwalay. Was it that bad?"

Katahimikan.

Tumungga siya sa lata. "Huwag ka nang magtanong. Alam mo naman na pala," sabi niyang napabaling ng tingin sa sahig sa halip na sa kaibigan.

"So, ano ang dahilan ng paglapit mo sa kanya ngayon?"

"Gusto ko lang makipagkaibigan sa kanya."

Napatawa nang mapakla si Paul. "Lolokohin mo ba ako sa lagay na 'yan?"

Napabuntong-hininga siya. "O ang sarili ko."

Napailing-iling ito at humakbang palapit sa kanya. "Pero hindi pa natin alam kung may asawa na siya o may naghihintay na sa kanya sa Pilipinas. Siguro meron na nga dahil panay ang iwas niya sa

'yo."

Naisip na rin iyon ng binata. Pero dapat niyang malaman at makumpirma ang bagay na ito mula mismo sa magandang bibig. Napapikit pa siyang saglit habang naaalala ang paghalik niya roon noon. Kay tamis ng mga labi ni Winena. Napalunok pa siya at parang nararamdaman at nalalasahan pa niya iyon. Napahugot siya ng malalim na hininga at tumungga ulit ng beer habang nakatingin sa kanya nang may pananantya si Paul.

"Bakit hindi mo na lang pakinggan ang payo ni Cal sa 'yo? Bigyan mo muna ng space si Winena. Baka kakausapin ka rin niya pagkatapos."

Umiling siya nang marahan. "I only got this two-week vacation with her. Ayokong masayang ang oras sa paghihintay at pagbibigay sa kanya ng space, Paul."

Pagkatapos nilang mag-explore sa loob ng *Bran Castle*, nagtungo sa malapad na castle grounds si Winena. Nag-selfie siya habang nasa background ang kastilyo. Nang kumuha siya ng pangalawang selfie sa ibang anggulo ay may nang-photobomb. Si Shawn. Tumayo ito sa likuran niya nang nakangiti. Kuhang-kuha sa picture.

Napamaang pa siya at napatingin sa likuran niya.

Binigyan niya ito ng matalim na tingin. Bago pa siya makahuma ng masasabi rito ay tumunog ang *Skype* account niya dahil sa tawag ni Mandy. Napangiti siya at timing dahil kabubukas lang niya ng mobile data niya dahil plano niyang ipakita rin ang kastilyo sa pamangkin.

Gamit ang video call feature, sinagot niya ang tawag ng pinsan. Nakangiti siyang binati ito.

"Hi. O, 'andiyan din pala ang lovey dove ko!" nakangiting saad niya. "Miss na kita. Ilang araw na ring hindi ko kayo nakakausap, ah." Ipinakita pa niya ang kastilyo sa background at nakita niyang nakanganga si Mandy. "O, ba't hindi ka na nagsasalita diyan?" tanong niya sa pinsan.

"T-teka lang. B-baka nagkakamali lang naman ako," anito habang nakatingin dito ang bata.

"Mama Nena, maganda pala diyan," baling ni Skye sa kanya.

"Oo naman, my lovey dove! Sana ay isinama nga pala kita dito, eh."

Ngumisi ang bata sa kanya. Nakita niyang nakanganga ulit si Mandy. Para itong nakakita ng kaluluwang gala.

"S-Shawn?" sa wakas ay bulalas nito.

Napalingon si Winena at noon niya napunang

nasa likuran na naman pala niya ang lalaki. Sumilip kasi ito kung sino ang kausap niya. Hindi niya agad napansin dahil maliit ang image niya sa *Skype* at mas malaki ang image ng kausap niya.

Tumikhim pa ang lalaki. Binati nito si Mandy.

"Uh… Mandy, kakausapin ko na lang kayo uli ni Skye sa ibang pagkakataon, ha? Sa susunod na lang, ha, my lovey dove!" pagpaalam niya sa pinsan at pamangkin. Tinapos na niya ang tawag upang balingan si Shawn.

Nakasimangot naman ang lalaking nakatingin sa kanya. "Lovey dove? Iyon ang lovey dove mo?"

Napahigit pa siya ng hangin bago sumagot sa lalaki. Inangat niya ang nguso dahil sa tangkad nito. "Bakit ka ba nagpakita sa pinsan ko, ha?" pakli niyang inignora ang katanungan nito.

"Huh! Bakit naman hindi? Magkakilala kami ni Mandy. I just thought saying 'hi' won't do any harm. May masama ba sa ginawa ko?" anitong nakapamulsa pa. "Don't tell me pati si Mandy ay bitter pa rin dahil sa hiwalayan natin?"

Napamaang si Winena sa narinig. "Ano? Bakit magiging bitter ang pinsan ko sa hiwalayan nating dalawa? Ang kapal mo naman!"

"Hindi ba't kawalan ako sa buhay mo noon? Baka

'yon din ang naisip ni Mandy. After all, nakabingwit ka sana ng tulad ko."

Bago pa niya naisip ang gagawin ay umangat na ang kamay ni Winena at tumama iyon sa pisngi ng lalaki. Natigilan ito sandali dahil sa bilis ng pangyayari. Napalinga-linga pa siya sa paligid at may iilang taong nakakita sa eksena nilang dalawa. Tatalikod na sana siya nang mahawakan siya ni Shawn sa braso at napigilan siya sa pag-alis. Mahigpit ang pagkakahawak nito at napaimpit siya sa sakit.

"I never thought you were a gold digger, Wine," sabi pa nito nang may tila paghahaplos sa boses nito. At biglang parang natunaw ang puso niya dahil doon lalo na't tinawag siya nito sa paborito nitong palayaw na tawag sa kanya. Wine. Oo, ito. Para kay Shawn ay isa siyang masarap na alak sa buhay nito minsan.

*"Bakit 'Wine' ang tawag mo sa 'kin bigla, ha?" naitanong pa ng nakangiting dalaga habang nakahilig sa dibdib ng lalaki. Naroon sila sa isang parke at nag-de-date.*

*"Katulad ng alak na pasarap nang pasarap kapag lumilipas ang panahon. Isa pa, wine is like a luxury… something that I want to have in my hectic and pressured life."*

Parang bigla siyang nag-hyperventilate sa sinabi

ng dating nobyo. Magkahinang ngayon ang kanilang mga mata. Pero bakit? Bakit siya nito tinawag ng endearment nito sa kanya noon?

"B-bakit mo sinasabi sa 'kin 'yan? Eh, ikaw 'tong ipokrito."

"Hindi ba't iyon ang dahilan kung bakit mo 'ko hiniwalayan? Gusto mo ng mas mayamang lalaking mapapangasawa kaysa sa isang tulad kong nasa medical school pa lang noon?"

Napakagat-labi ang dalaga.

"Dahil ba sa sinabi kong titigil ako sa pag-aaral at mas gustuhin kong pakasalan ka kung kaya't naisip mong iwan ako? Di ba? You thought you'd never gain anything from a medical school dropout, hindi ba? Kaya ka nagpasya noon nang gan'on na lang. Hindi ba?"

Napalunok si Winena. Napakurap-kurap siya at pilit na pinigilang huwag pumatak ang luhang nagbabantang malaglag. Pinilit niyang bawiin ang braso at binitiwan nga siya ng lalaki.

This wasn't the case at all. Nalilito siya. Bakit siya inakusahan nitong isang gold digger? Samantalang sa narinig niyang record na pag-uusap nito sa ina ay hindi nito ipagpapalit ang medical school sa relasyon nito sa kanya. Pipiliin pa rin nitong maging doktor

kaysa mawalan ito ng pamana mula sa pamilya nito.

Pero hindi na ito importante. Matagal na iyon. Lumipas na. Pero naalala niya ang pagkompronta sa kanya ni Shawn noon, ang huling pag-uusap nila nang maghiwalay sila.

*Inabangan siya nito sa labas ng campus niya. Napuna niyang haggard ang hitsura nito, mukhang hindi nakatulog nang ilang gabi. Palagi itong neat pero ngayon ay medyo gusot ang suot nitong t-shirt. Sandals lang ang suot nito sa halip na sapatos.*

*"Hanggang dito na lang ba talaga tayo?" salubong nito sa kanya. "We're not going to see each other anymore? Ito ba ay dahil sinabi ko sa 'yong titigil na ako sa pag-aaral?" Mababanaag sa mukha nito ang pagsusumamo na bigyan niya ito ng sagot, kapagdaka ay napalitan ng pagkasuklam, nag-aapoy ang mga matang nakatitig sa kanya. "Natatakot ka bang wala kang mapapala sa 'kin kapag ginawa mo 'yon dahil magiging isa akong medical school dropout?"*

*Umiling si Winena. Ayaw na niyang pahabain pa ang agony niya sa harap ng kausap. Isa pa, napatingin sa kanila ang ibang taong nasa paligid, ayaw niya ng eskandalo sa harap ng campus. Gusto niyang matapos na kaagad ang paghaharap nilang ito. Habang patuloy niya itong nakikita ay naramdaman niya ang lalong*

*pamimigat at pasakit sa puso niya.*

*"Let's just save our breath, Shawn. Tumuloy ka na lang sa patutunguhan mo at tutuloy rin ako sa sarili kong patutunguhan sa buhay," ang naging sagot niya na lumabas na parang malamig.*

*"Gusto ko lang namang magkasama na tayo. I don't want to let you go. I don't care if you just want my family's money. Bibigyan pa kita kung gusto mo. Hindi ko lang maintindihan kung bakit kailangan pa nating maghiwalay."*

*Napatigil siya sa paglalakad. "Huh? Anong pera? Hindi ako naniniwala sa 'yo! Alam ko kung ano talaga ang gusto mo at nararamdaman mo. Hindi totoo ang mga sinasabi mo!"*

*"Ano? Ako pa ba ngayon ang nagsisinungaling? Hindi ba ikaw? Gusto mo lang akong gamitin. At ngayong na-realize mong nagkamali ka o kaya naman ay gusto mo siguro ng mas malaking halaga, itatapon mo na lang akong parang basura? Gan'on ba? Magkano ba ang kailangan mo?" Ang talim ng pagkatitig nito ay sagad sa puso niya.*

*Napamaang siya rito. Wala siyang maapuhap na salita.*

*"Nagkamali pala ako ng pagkakilala sa 'yo. Hindi ko naisip na gagawin mo sa 'kin 'to, Winena. You*

*betrayed me!" Nang-uusig ang mga mata ng binata.*

*Siya naman ay napangiti nang mapait. "That should be my line! Pero wala naman nang patutunguhan ang relasyong 'to sa simula pa lang. So, why should I care what you think? As I've said, let's just go on our separate ways. Mas mabuti na siguro ang ganito. Productive pa tayo!"*

*Pinilit niyang ipakita ritong hindi niya ito kailangan. Ayaw niyang magmukhang kawawa sa paningin nito.*

*Nagtagumpay nga siya. Galit itong tumalikod sa kanya. Ang masakit pa ay siya ang sinisisi at siyang may malaking kasalanan sa hiwalayan nilang ito. Inakala pa nitong pera lang ang habol niya. Kung hindi dahil sa ina nito ay hindi niya malalaman ang katotohanan… Kung hindi dahil sa ebidensyang ibinigay ng magulang nito ay siguro isa pa rin siyang bulag at tangang umiibig sa binata…*

Napapikit nang saglit si Winena dahil sa alaalang iyon noong labinwalong taong gulang pa lang siya. Pagkatapos ng school year na iyon ay hindi na siya nagpatuloy sa pag-aaral. Sa halip ay nagtrabaho siyang maigi hanggang sa magkaroon sila ng kapital ni Mandy at narating na nila ang tugatog ng tagumpay. Guminhawa rin sa wakas ang buhay nila pagkatapos ng ilang taong pagsisikap.

"Hindi pa rin ako naniniwala hanggang ngayon na isa kang gold digger, Wine."

*So, bakit tayo nagkakaganito, Shawn? At ba't sinabi mo ang lahat ng iyon sa 'kin noon?* nais niyang itanong. Pero hanggang isipan niya lang ito.

"Kalimutan mo na ang lahat. Matagal na 'yon. May kanya-kanya na tayong buhay ngayon," sabi niya nang nakatalikod sa lalaki at pinilit niyang lumunok pagkatapos.

"Fine. But… can't we at least be friends?"

"Huh! Walang silbi 'yang friends-friends na 'yan," aniyang napatawa nang mapakla, pero hindi pa rin humarap sa binata. "What for? Hindi na rin naman na tayo magkikita pagkatapos ng tour na 'to. We're just… some old flames visiting old towns in this history-rich country. Nothing more!" aniyang kumumpas pa.

Nang wala siyang marinig mula sa binatang naging speechless ay iniwan na niya ito. Tamang-tama at nakita niyang papalabas na ng gate ang kanilang tour guide.

Napahilot si Shawn sa kanyang sentido habang napasunod ng tingin sa paalis na dalaga. He meant what he said. Sa kabila ng pictures na ipinakita sa

kanya ng ina niyang tinanggap ni Winena ang bigay nitong tseke para hiwalayan siya, hindi pa rin siya makapaniwalang isang gold digger ito.

Pero ayon sa huli nilang pag-uusap nang komprontahin niya ang babae ay wala na nga itong ganang makipag-usap sa kanya. Siguro nga ay dahil sa nakatanggap ito ng malaking pera galing sa ina niya. Limang milyon din iyon.

Iyon daw ang hininging kapalit ng dating nobya niya nang kinausap ito ng kanyang ina na hiwalayan siya para makapagtapos siya ng medical school na handa niya sanang iwanan para sa dalaga. Sa US kasi siya nag-aaral at hindi na niya kayang mapalayo sa kasintahan kung kaya sinabi niya sa ina na titigil siya sa pag-aaral. Sinabi nitong kakausapin nito si Winena at iyon na nga ang resulta ng pag-uusap ng dalawa. Hiningan daw ito ng pera ng dalaga. At bilang ebidensya ay kinunan ng larawan ang usapang iyon para maniwala siya sa ina.

Bilang isang lalaking may pride din, kinompronta niya si Winena at hindi nga niya nakita ang nais niyang makita noon. Madali lang siyang hiniwalayan nito. Ayaw pa nga nitong mag-usap sila nang matagal. Kaya naman ay napilitan siyang pakawalan na lang ito.

Pero pinagsisihan niya ang lahat ng iyon lalo na't nakita niya itong muli ngayon. Sana ay pinilit niya ang dalaga at pinigilan ito. Baka iba ang resulta kung ganoon ang ginawa niya noon. Sana ay hindi niya inisip masyado ang sakit at ang pride niya noon.

Kung iisipin niya ngayon, parang napakaliit na bagay ng pinagkasiraan nila. Siguro nga ay nag-iba ang pananaw niya pagkatapos ng mahabang panahon.

Napagtanto ni Shawn na nagkamali siya. It took so long for him to realize this. He was a total idiot. Ibinaon niya ang sarili sa pag-aaral at sa trabaho sa ospital.

At ngayon? Gusto niyang magkaroon sila ng pangalawang pagkakataon ng dating katipan. Pero mukhang may anak na ito. Narinig niyang tinawag ito ng bata ng 'Mama Nena'. Pero wala siyang nakitang wedding ring sa daliri nito. Isa pa, hindi rin niya nakita ang singsing na bigay niya rito noon. Isang single mom kaya si Winena?

Napasuklay siya sa kanyang buhok. Kung makipag-usap lang sana nang matino sa kanya ang babae at sabihin sa kanya ang nais niyang malaman, disin siguro ay madali na ang lahat. Pero nagmamatigas pa rin ito. Ayaw nitong makipag-usap man lang at panay ang iwas sa kanya.

Napalingon pa siya kay Paul nang tinapik nito

ang balikat niya. “Rejected ka na naman. Tsk, tsk! Kawawa ka naman,” sabi pa nito.

Binigyan niya ito ng matalim na tingin. “Stalker ba kita?”

Ngumisi ito. “Mas mabuti na ’yon kaysa sa maging third wheel kina Cal at Lalaine. Parang lalanggamin sa pagka-sweet ang dalawang ’yon. May PDA pa paminsan-minsan. Nakakasuka!”

Inismiran niya ito at iniwan. Bumuntot ito sa kanya hanggang sa bus. Hindi na niya muna tinabihan si Winena para hindi ito lalong magalit. At least, bibigyan niya ito ng ilang oras para kumalma pagkatapos ng eksena nila kanina.

“Siyanga pala, ngayong nakita mo na ulit ang old flame mo, aalis ka na ba talaga sa ospital para bumalik sa Pilipinas at doon na magpa-practice?” tanong ni Paul sa kanya.

Tiningnan niya ito nang matagal.

“Nagtatanong lamang naman ako. Concerned lang ako sa ’yo at sa future mo.”

Kumunot ang noo ni Shawn at napatingin siya sa kawalan habang tinitimbang ang sinabi nito. Kahit hindi kasi niya nakatagpo ngayon ang dalaga ay nakapagpasya na siya noon pa.